PROPOSISYON

66 PARUSANG KAMATAYAN. MGA PAMAMARAAN. INISYATIBANG BATAS.

OPISYAL NA TITULO AT BUOD

INIHANDA NG ABUGADO HENERAL

- Binabago ang mga pamamaraang namamahala sa mga apela at petisyon sa hukuman ng estado na humahamon sa mga pagpapatunay ng pagkakasala at mga sentensiya na may parusang kamatayan.
- Itinatalaga ang hukumang superyor para sa mga inisyal na petisyon at mga limitasyon sa mga susunod na petisyon.
- Nagtatatag ng takdang panahon para sa pagrerepaso sa parusang kamatayan ng hukuman ng estado.
- Hinihiling sa mga hinirang na abugado na tumatanggap ng mga apelang hindi para sa kapital na tanggapin ang mga apela sa parusang kamatayan.
- Hindi isinasama ang mga opisyal ng bilangguan sa kasalukuyang proseso ng regulasyon para sa pagbuo ng mga paraan ng pagsasagawa.
- Pinahihintulutan ang mga paglipat ng bilanggong may sentensiyang kamatayan sa mga bilangguan ng California.
- Dinadagdagan ang bahagi ng mga suweldo ng mga kinondenang bilanggo na maaaring gamitin sa restitusyon sa biktima.
- Ipinapahayag na ang ibang mga panukalang inaprubahan ng botante na may kaugnayan sa parusang kamatayan ay walang-bisa kung ang panukalang ito ay makakatanggap ng mas maraming pumapanig na boto.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG TAGASURI NG KABUUANG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Hindi alam na patuloy na epekto sa pananalapi sa mga gastos ng hukuman ng estado para sa pagproseso ng mga paghamon na pambatas sa mga sentensiyang kamatayan.
- Nalalapit na mga pagtaas sa mga gastos ng hukuman ng estado—posibleng nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon—dahil sa pagpapabilis ng paggastos upang tugunan ang mga bagong takdang panahon sa mga paghamon na pambatas sa mga sentensiyang kamatayan. Matitipid na mga katulad na halaga sa mga taon sa hinaharap.
- Posibleng matitipid ng bilangguan ng estado na maaaring nasa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

BATAYAN

Mga Parusang Kamatayan

Ang unang digring pagpatay ay karaniwang inilalarawan bilang ang ilegal na pagpatay sa isang tao na (1) sinadya at pinagplanuhan o (2) naganap habang gumagawa ng ilang partikular na uri ng mga krimen, gaya ng pagkidnap. Maaari itong hatulan ng parusang habambuhay na pagkakakulong sa bilangguan ng estado at may posibilidad na palayain ng lupon ng parol ng estado pagkalipas ng hindi bababa sa 25 taon. Gayunpaman, ayon sa kasalukuyang batas ng estado, ang unang digring pagpatay ay maaaring hatulan ng parusang kamatayan o habambuhay na pagkakakulong na walang posibilidad ng parol kapag isinampa at napatunayan sa hukuman ang "mga natatanging pangyayari" ng krimen. Nakasulat sa kasalukuyang batas ng estado ang ilang natatanging pangyayari na maaaring isampa, gaya ng sa mga pangyayari kung saan isinagawa ang pagpatay para sa pera o kapag mahigit sa isang pagpatay ang naganap. Dagdag pa sa unang digring pagpatay, nakasulat din sa batas ng estado ang ilan pang mga krimen, gaya ng pagtataksil laban sa estado ng California, na maaari ding hatulan ng parusang kamatayan. Mula noong pinagtibay ang kasalukuyang batas sa parusang kamatayan sa California noong 1978, 930 indibidwal na ang nahatulan ng parusang kamatayan. Sa mga nakalipas na taon, humigit-kumulang 20 indibidwal ang nahahatulan ng parusang kamatayan taun-taon, sa average.

Mga Legal na Pag-apela sa Mga Parusang Kamatayan

Dalawang Paraan upang Iapela ang Mga Parusang Kamatayan. Kasunod ng isang hatol ng parusang kamatayan, maaaring iapela ng mga nasasakdal ang parusa gamit ang dalawang paraan:

- ***Direktang Pag-apela.*** Ayon sa kasalukuyang batas ng estado, ang mga hatol ng parusang kamatayan ay awtomatikong inaapela sa Korte Suprema ng California. Sa "mga direktang pag-apela" na ito, ikinakatuwiran ng mga abugado ng mga nasasakdal na nagkaroon ng mga paglabag sa batas ng estado o batas na pederal ayon sa saligang-batas sa panahon ng paglilitis, gaya ng hindi nararapat na pagsasama o hindi pagsasama ng ebidensya sa paglilitis. Ang mga direktang pag-apela na ito ay nakatuon sa mga rekord ng mga paglilitis sa hukuman na nagresulta sa paghahatol ng parusang kamatayan sa nasasakdal. Kung kukumpirmahin ng Korte Suprema ng California ang hatol at parusang kamatayan, maaaring hilingin ng nasasakdal sa Korte Suprema ng U.S. na repasuhin ang desisyon.
- ***Mga Petisyon para sa Habeas Corpus.*** Dagdag pa sa mga direktang pag-apela, ang mga kaso ng parusang kamatayan ay karaniwang inaapela nang malawakan—una ay sa Korte Suprema ng California at pagkatapos ay sa mga hukumang pederal. Ang mga pag-apela na ito, na karaniwang tinatawag na mga petisyon para sa "habeas corpus," ay binubuo ng mga salik ng kaso na iba sa mga salik na nabanggit sa mga direktang pag-apela. Ang mga halimbawa ng mga nasabing salik ay kinabibilangan ng mga paratang na (1) mahina ang abugado ng nasasakdal o (2) kung naipagbigay-alam lang sa mga tagahatol ang karagdagang impormasyon (gaya ng mga pisikal, pangkaisipan o panlipunang sitwasyon na kinaharap ng nasasakdal), hindi sana nahatulan ng parusang kamatayan ang nasasakdal.

Humihirang ng Mga Abugado upang Kumatawan para sa Mga Presong Hinatulan ng Parusang Kamatayan sa Mga Legal na Pag-apela. Ang Korte Suprema ng California ay humihirang ng mga abugado upang kumatawan para sa mga indibidwal na

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

hinatulan ng parusang kamatayan, ngunit walang pambayad para sa isang abugado. Dapat masapatan ng mga abugadong ito ang mga kuwalipikasyong itinakda ng Konsehong Panghukuman (ang panghukumang sangay na namamahala at gumagawa ng patakaran). Ang ilan sa mga abugadong ito ay nagtatrabaho sa mga ahensya ng estado—partikular na ang Tanggapan ng Pampublikong Manananggol ng Estado o ang Sentrong Mapagkukunan ng Habeas Corpus. Ang natitira ay mga pribadong abugado na binabayaran ng Korte Suprema ng California. Kadalasan, iba't ibang abugado ang hinihirang na kumatawan para sa mga indibidwal sa mga direktang pag-apela at petisyon para sa habeas corpus.

Ang Estado ang Nagbabayad ng Mga Gastos para sa Legal na Pag-apela. Binabayaran ng estado ang Korte Suprema ng California upang dinggin ang mga legal na pag-apela na ito at upang kumatawan ang mga abugado para sa mga presong hinatulan ng parusang kamatayan. Binabayaran din ng estado ang mga abugadong nagtatrabaho sa Kagawaran ng Hustisya ng estado na nagnanais na ipagtanggol ang mga hatol ng parusang kamatayan na inaapela sa hukuman. Sa kabuuan, gumagastos ang estado sa kasalukuyan ng humigit-kumulang $55 milyon taun-taon para sa mga legal na pag-apela sa mga hatol ng parusang kamatayan.

Maaaring Umabot nang Ilang Dekada ang Mga Legal na Pag-apela. Mula sa 930 indibidwal na hinatulan ng parusang kamatayan mula pa noong 1978, 15 na ang naipapatay, 103 na ang namatay bago pa maipataw ang parusa, 64 na ang nabigyan ng mas mababang sentensya ng mga hukuman, at 748 ang kasalukuyang nasa bilangguan ng estado habang naghihintay ng parusang kamatayan. Ang karamihan ng 748 preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay nasa iba't ibang yugto ng proseso ng direktang pag-apela o petisyon para sa habeas corpus. Ang mga legal na pag-apela na ito—na sinusukat mula sa oras kung kailan hinatulan ng parusang kamatayan ang indibidwal hanggang sa oras kung kailan nakumpleto ng indibidwal ang lahat ng pang-estado at pederal na paglilitis para sa legal na pag-apela—ay maaaring abutin nang ilang dekada bago makumpleto sa California dahil sa iba't ibang salik. Halimbawa, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay maaaring maghintay nang matagal bago makahirang ang Korte Suprema ng California ng mga abugadong kakatawan para sa kanila. Noong Abril 2016, 49 na indibidwal ang naghihintay na mabigyan ng mga abugado para sa kanilang mga direktang pag-apela at 360 indibidwal ang naghihintay na mabigyan ng mga abugado para sa kanilang mga petisyon para sa habeas corpus. Dagdag pa rito, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay maaaring maghintay nang matagal bago dinggin ng mga hukuman ang kanilang mga kaso. Noong Abril 2016, tinatayang 337 direktang pag-apela at 263 petisyon para sa habeas corpus sa estado ang nakabinbin sa Korte Suprema ng California.

Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan

Pabahay para sa Mga Presong Hinatulan ng Parusang Kamatayan. Ang mga lalaking preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kadalasang nakapiit sa Bilangguan ng Estado ng San Quentin (sa death row), habang nakapiit naman sa Bilangguan para sa Babae ng Central California sa Chowchilla ang mga babaeng preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Sa kasalukuyan, ang estado ay mayroong iba't ibang regulasyon at pamamaraang panseguridad na nagreresulta sa mas malalaking gastusin sa seguridad para sa mga presong ito. Halimbawa, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kadalasang pinoposasan at binabantayan ng isa o dalawang pulis habang nasa labas ng selda. Dagdag pa rito, hindi gaya ng karamihan ng mga preso, ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan ay kailangang bigyan ng magkakahiwalay na selda sa kasalukuyan.

Ang Mga Pagpatay ay Kasalukuyang Hinaharang ng Mga Hukuman. Ang estado ay gumagamit ng lethal injection upang patayin ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Gayunpaman, dahil sa iba't ibang legal na isyu hinggil sa mga pamamaraan sa lethal injection ng estado, wala pang naipapapatay na preso mula noong 2006. Halimbawa, ang hatol ng mga hukuman ay hindi sinunod ng estado ang mga pamamaraang pampangasiwaan na nabanggit sa Batas sa Mga Pamamaraang Pampangasiwaan noong binago nito ang mga regulasyon nito sa pagpatay noong 2010. Ayon sa mga pamamaraang ito, kailangan ng mga ahensya ng estado na gumawa ng ilang partikular na aktibidad upang mabigyan ang publiko ng oportunidad na sumali sa proseso ng pagsusulat ng mga regulasyon ng estado. Nakagawa na ng balangkas ng mga regulasyon para sa lethal injection, at kasalukuyan itong nirerepaso ng publiko.

PANUKALA

Layunin ng panukalang ito na bawasan ang panahon na ginugugol para sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Sa partikular, (1) iniaatas nito na dinggin muna sa mga hukuman ng paglilitis ang mga petisyon para sa habeas corpus, (2) nagtatakda ito ng mga limitasyon sa oras para sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan, (3) binabago nito ang proseso para sa paghirang ng mga abugadong kakatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, at (4) nagtatakda ito ng iba pang mga pagbabago. (May isa pang panukala sa balotang ito—Proposisyon 62—na nauugnay rin sa parusang kamatayan. Aalisin ng Proposisyon 62 ang parusang kamatayan para sa unang digring pagpatay.)

Iniaatas na Dinggin Muna sa Mga Hukuman ng Paglilitis ang Mga Petisyon para sa Habeas Corpus

Iniaatas ng panukala na dinggin muna sa mga hukuman ng paglilitis ang mga petisyon para sa habeas corpus bago dinggin ang mga ito sa Korte Suprema ng California. (Ang mga direktang pag-apela ay patuloy na didinggin sa Korte Suprema ng California.) Sa partikular, ang mga petisyong ito para sa habeas corpus ay didinggin ng hukom na namuno sa orihinal na paglilitis para sa pagpatay ng tao, maliban na lang kung makakapagbigay ng magandang dahilan upang ibang hukom o hukuman ang duminig sa petisyon. Iniaatas ng panukala sa mga hukuman ng paglilitis na ipaliwanag ang kanilang desisyon sa bawat petisyon sa pasulat na paraan, na maaaring iapela sa Mga Hukuman ng Paghahabol. Pagkatapos, ang mga desisyon ng Mga Hukuman ng Paghahabol ay maaaring iapela sa Korte Suprema ng California. Pinapayagan ng panukalang ito ang Korte Suprema ng California na ilipat sa mga hukuman ng paglilitis ang anumang mga petisyon para sa habeas corpus na kasalukuyang nakabinbin doon.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 66 pumunta sa pahina 213.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

Nagtatakda ng Mga Limitasyon sa Oras para sa Mga Legal na Pag-apela sa Mga Parusang Kamatayan

Kailangang Makumpleto ang Proseso ng Direktang Pag-apela at Petisyon para sa Habeas Corpus sa Loob ng Limang Taon. Iniaatas ng panukala na dapat makumpleto ang proseso ng direktang pag-apela at petisyon para sa habeas corpus sa loob ng limang taon matapos ang paghahatol ng parusang kamatayan. Iniaatas din ng panukalang ito sa Konsehong Panghukuman na baguhin ang mga patakaran nito upang makatulong na tiyakin na makukumpleto ang mga direktang pag-apela at petisyon para sa habeas corpus sa loob ng panahong ito. Ang limang taon na palugit ay ipapatupad para sa mga bagong legal na pag-apela, pati na sa mga kasalukuyang nakabinbin sa hukuman. Para sa mga pag-apela na kasalukuyang nakabinbin, iniaatas ng panukala na dapat makumpleto ang mga iyon sa loob ng limang taon mula sa oras kung kailan pinagtibay ng Konsehong Panghukuman ang mga binagong patakaran. Kung aabutin ng mahigit limang taon ang proseso, ang mga biktima o ang kanilang mga abugado ay maaaring humiling ng utos ng hukuman upang pabilisin ito.

Kailangang Maihain ang Mga Petisyon para sa Habeas Corpus sa Loob ng Isang Taon Matapos Humirang ng Abugado. Ang panukala ay nag-aatas sa mga abugadong hinirang upang kumatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan sa mga petisyon para sa habeas corpus na ihain ang petisyon sa mga hukuman ng paglilitis sa loob ng isang taon matapos silang hirangin. Pagkatapos, kadalasan ay magkakaroon ng isang taon na palugit ang hukuman ng paglilitis upang magdesisyon hinggil sa petisyon. Kung hindi maghahain ng petisyon sa loob ng panahong ito, dapat ibasura ng hukuman ng paglilitis ang petisyon, maliban na lang kung matukoy nito na malamang ay inosente o hindi karapat-dapat para sa parusang kamatayan ang nasasakdal.

Nagtatakda ng Iba Pang Mga Limitasyon. Upang makatulong na masunod ang mga nabanggit na palugit, ang panukala ay nagtatakda ng iba pang mga limitasyon sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Halimbawa, hindi pinapayagan ng panukala ang paghahain ng mga karagdagang petisyon para sa habeas corpus pagkatapos ihain ang unang petisyon, maliban sa mga sitwasyon kung saan natukoy ng hukuman na malamang ay inosente o hindi karapat-dapat para sa parusang kamatayan ang nasasakdal.

Binabago ang Proseso para sa Paghirang ng Mga Abugado

Iniaatas ng panukala sa Konsehong Panghukuman at sa Korte Suprema ng California na pag-isipang baguhin ang mga kuwalipikasyon na dapat masapatan ng mga abugadong kumakatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Ayon sa panukala, ang mga kuwalipikasyong ito ay (1) magbibigay ng katiyakan hinggil sa mahusay na representasyon at (2) magpaparami sa bilang ng mga abugado na maaaring kumatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan nang sa gayon ay madinig kaagad ang mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan. Inaatasan din ng panukala ang mga hukuman ng paglilitis—at hindi ang Korte Suprema ng California—na humirang ng mga abugado para sa mga petisyon para sa habeas corpus.

Dagdag pa rito, binabago ng panukala ang paraan ng paghirang ng mga abugado para sa mga direktang pag-apela sa ilang partikular na sitwasyon. Sa kasalukuyan, ang Korte Suprema ng California ay naghihirang ng mga abugado mula sa isang listahan ng mga kuwalipikadong abugado na mayroon ito. Ayon sa panukala, maaari ding humirang ng mga abugado mula sa mga listahan ng mga abugado na mayroon ang Mga Hukuman ng Paghahabol para sa mga kasong hindi hinahatulan ng parusang kamatayan. Sa partikular, ang mga abugadong (1) kuwalipikadong hirangin sa mga pinakamabigat na pag-apela para sa mga kasong hindi hinahatulan ng parusang kamatayan at (2) nakakasapat sa mga kuwalipikasyong pinagtibay ng Konsehong Panghukuman para sa paghirang sa mga kasong hinahatulan ng parusang kamatayan ay aatasang tanggapin ang pagkakahirang sa mga direktang pag-apela kung gusto nilang manatili sa mga listahan ng paghirang ng Mga Hukuman ng Paghahabol.

Gumagawa ng Iba Pang Mga Pagbabago

Mga Pagpapatakbo ng Sentro ng Mga Mapagkukunan ng Habeas Corpus. Inaalis ng panukalang ito ang lupon ng mga direktor ng Sentro ng Mga Mapagkukunan ng Habeas Corpus na binubuo ng limang miyembro, at inaatasan nito ang Korte Suprema ng California na pangasiwaan ang sentro. Iniaatas din ng panukala na pagpantayin ang bayad para sa mga abugado ng sentro at sa mga abugado sa Tanggapan ng Pampublikong Manananggol ng Estado, at nililimitahan din nito ang mga legal na aktibidad ng mga iyon.

Mga Pag-aatas para sa Pagpapatrabaho ng Preso at Mga Danyos sa Mga Biktima ng Krimen. Ayon sa kasalukuyang batas ng estado, kailangang magtrabaho ng mga preso habang nasa bilangguan sila. Pinapayagan ng mga regulasyon ng bilangguan ng estado ang ilang pagbubukod sa mga pag-aatas na ito, gaya ng para sa mga preso na masyadong mapanganib upang pasalihin sa mga programa ng pagtatrabaho. Dagdag pa rito, ang mga preso ay maaaring atasan ng mga hukuman na magbayad ng danyos sa mga biktima ng krimen. Ginagamit ang hanggang 50 porsyento ng anumang perang natatanggap ng mga preso upang ipambayad sa mga utang na ito. Isinasaad ng panukalang ito na dapat magtrabaho ang bawat taong hinatulan ng parusang kamatayan habang nananatili sila sa bilangguan ng estado, alinsunod sa mga regulasyon ng estado. Dahil hindi binabago ng panukala ang mga regulasyon ng estado, maaaring hindi magbago ang mga kasalukuyang kagawian sa bilangguan kaugnay ng mga kinakailangan sa pagtatrabaho ng preso. Dagdag pa rito, iniaatas ng panukala na gamitin ang 70 porsyento ng anumang perang matatanggap ng mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan upang ipambayad sa anumang mga utang sa mga biktima.

Pagpapatupad ng Parusang Kamatayan. Pinapayagan ng panukala ang estado na ipiit sa anumang bilangguan ang mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan. Ayon sa panukala, ang mga pamamaraan sa pagpatay ng estado ay hindi saklaw ng Batas sa Mga Pamamaraang Pampangasiwaan. Dagdag pa rito, ang panukala ay gumagawa ng iba't ibang pagbabago hinggil sa paraan ng pagpatay na ginagamit ng estado. Halimbawa, ang mga legal na pag-apela

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI **IPINAGPATULOY**

sa pamamaraan ay maaari lang dinggin sa hukuman na naghatol ng parusang kamatayan. Dagdag pa rito, kung manalo ang mga nasabing pag-apela, iniaatas ng panukala sa hukuman ng paglilitis na maghatol ng wastong pamamaraan ng pagpatay. Sa mga sitwasyon kung saan hindi magamit ng estado ang isang pamamaraan ng pagpatay dahil sa isang utos ng hukumang pederal, aatasan ang mga bilangguan ng estado na gumawa ng pamamaraan ng pagpatay na nakakasapat sa mga pederal na pag-aatas sa loob ng 90 araw. Panghuli, isinasaad ng panukala na ang iba't ibang propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa pagpatay ay hindi saklaw ng ilang partikular na batas ng estado at parusa ng mga naglilisensyang ahensya, kung ipinataw ang mga iyon bilang resulta ng pagtulong sa pagpatay.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Mga Gastos ng Hukuman ng Estado

Hindi Tiyak ang Epekto sa Gastos para sa Bawat Legal na Pag-apela. Ang epekto sa pananalapi ng panukala sa mga gastos ng hukuman ng estado para sa bawat legal na pag-apela sa isang parusang kamatayan ay hindi tiyak. Ito ay dahil maaaring maging malaki ang pagkakaiba ng aktwal na gastos depende sa apat na mahahalagang salik: (1) kung gaano kakumplikado ang mga legal na pag-apela na inihain, (2) kung paano tinutugunan ng estado ang mga kasalukuyan at bagong legal na pag-apela, (3) ang kahandaan ng mga abugado na kumatawan para sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, at (4) kung kailangan ng mga karagdagang abugado upang maproseso ang bawat legal na pag-apela.

Sa isang banda, maaaring mabawasan ng panukala ang gastos para sa bawat legal na pag-apela. Halimbawa, ang pag-aatas na dapat makumpleto ang bawat pag-apela sa loob ng limang taon, at ang pagtatakda ng mga limitasyon sa bilang ng mga petisyon para sa habeas corpus na maaaring ihain ay maaaring magresulta sa paghahain ng mas kaunti at mas maiikling legal na dokumento. Ang nasabing pagbabago ay maaaring magresulta sa mas mabilis at mas matipid na pagproseso sa bawat legal na pag-apela.

Sa kabilang banda, maaaring lumaki ang gastos ng estado para sa bawat legal na pag-apela dahil sa ilan sa mga probisyon ng panukala. Halimbawa, ang mga karagdagang pagrepaso na iniaatas para sa isang petisyon para sa habeas corpus ay maaaring magresulta sa mas matagal at mas magastos na pagproseso ng mga hukuman sa bawat legal na pag-apela. Dagdag pa rito, maaaring magkaroon ng mga karagdagang bayarin sa abugado kung magdesisyon ang estado na dapat humirang ng bagong abugado kapag inapela sa Mga Hukuman ng Paghahababol ang desisyon ng mga hukuman ng paglilitis hinggil sa isang petisyon para sa habeas corpus.

Batay sa mga nabanggit, ang kasalukuyang epekto sa pananalapi ng panukala sa mga gastos ng estado taun-taon kaugnay ng mga legal na pag-apela ay hindi alam.

Pansamantalang Lalaki ang Taunang Gastos Dahil sa Mas Malaking Paggastos sa Mga Kasalukuyang Kaso. Anuman ang epekto ng panukala sa gastos para sa bawat legal na pag-apela, magiging mas malaki ang ginagastos ng estado sa mga legal na pag-apela sa mga parusang kamatayan dahil sa panukalang ito. Ito ay dahil pansamantalang madaragdagan ang taunang gastos ng estado para sa pagproseso ng daan-daang nakabinbing legal na pag-apela sa loob ng palugit na nakasaad sa panukala. Sa mga susunod na taon, makakatipid ang estado ng halaga na halos kapantay ng ilan o lahat ng gastos na ito na babayaran sana sa loob ng mas matagal pang panahon kung wala ang panukalang ito. Batay sa malaking bilang ng mga nakabinbing kaso na kailangang asikasuhin, hindi pa alam ang aktwal na halaga at tagal ng mga mas pinalaking gastos na ito sa pansamantala. Gayunpaman, posibleng umabot ng milyun-milyong dolyar kada taon sa loob ng maraming taon ang mga gastos.

Mga Bilangguan ng Estado

Kung babaguhin ng estado ang paraan ng pagpiit nito sa mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, maaaring makatipid ang bilangguan ng estado dahil sa panukala. Halimbawa, kung ililipat ang mga lalaking preso sa ibang bilangguan sa halip na ilagay sa magkakahiwalay na selda sa San Quentin, maaaring mabawasan ang gastos sa pagpiit at pagbabantay sa mga presong ito. Dagdag pa rito, kung magresulta ang panukala sa mga karagdagang pagpatay na makakabawas sa bilang ng mga preso na hinatulan ng parusang kamatayan, mas makakatipid pa lalo ang estado. Sa kabuuan, maaaring umabot ng milyun-milyong dolyar ang matitipid kada taon.

Iba Pang Mga Epekto sa Pananalapi

Kung magkaroon ng epekto sa bilang ng mga pagpatay ng tao sa California o sa kung gaano kadalas hinahabol ng mga tagausig ang parusang kamatayan sa mga paglilitis para sa pagpatay ng tao, maaaring maapektuhan ng panukala ang mga gastos ng pamahalaan ng estado at ng lokal na pamahalaan. Ang magreresultang epekto sa pananalapi, kung mayroon man, ay hindi alam at hindi maaaring matantya.

Bisitahin ang *http://www.sos.ca.gov/measure-contributions* para sa isang listahan ng mga komite na binuo unang-una upang suportahan o salungatin ang panukalang ito. Bisitahin ang *http://www.fppc.ca.gov/transparency/top-contributors/nov-16-gen-v2.html* upang maakses ang nangungunang 10 tagaambag ng komite.

Para sa kumpletong teksto ng Proposisyon 66 pumunta sa pahina 213.